# Sino ang CYSHCN?

**Ang CYSHCN ay mga bata na:**

- **Mayroong o maaaring mayroong*** mga pangmatagalang kondisyon sa kalusugan na pisikal, sa paglilinang, pag-uugali, o pag-iisip
- Nangangailangan ng mga serbisyo sa kalusugan at kaugnay na serbisyo na may **uri o lawak na lampas sa karaniwang kailangan** ng mga bata




ng mga bata sa estado ng Washington ang may mga espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan



*Ibig sabihin,* ***isa sa bawat lima!***

19.7% ng mga batang 0-17 ang may espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan

**Pinagmulan ng Datos:** 2019-20 National Survey of Children's Health, Health Resources and Services Administration, Maternal and Child Health Bureau (Pambansang Survey tungkol sa Kalusugan ng mga Bata, Pangasiwaan ng mga Dulugan at Serbisyo sa Kalusugan, Kawanihan ng Kalusugan ng Pagbubuntis at ng Bata noong 2019-20)

*may mas mataas na panganib dahil sa mga salik na biyolohikal (gaya ng kondisyong genetic) o pangkapaligiran na nauugnay sa pagkakaroon ng pangmatagalang kondisyon

# Sino ang makakatulong sa akin na i-navigate ang mga serbisyo?

***Nakikipagtulungan kami sa:***

## *Mga Lokal na Tagapangasiwa ng CYSHCN*

na isulong ang kapakanan ng mga pamilya at tulungan silang iugnay sa mga dulugan at pangangalagang kailangan nila. Matutulungan ka nila (nasa wikang Ingles lang) na makaugnay ang mga sumusunod:

- Insurance
- Maagang interbensiyon
- Mga dulugan para sa mga pangangailangang hindi natutugunan
- Mga serbisyong may kinalaman sa kapansanan
- Mga serbisyong pang-therapy at may espesyalidad

## *Hotline ng Help Me Grow Washington*
## *1 (800) 322-2588*

Mayroon ka bang tanong tungkol sa mga pangangailangan sa kalusugan o sa paglilinang ng iyong anak? Tumawag sa Hotline ng WithinReach Help Me Grow Washington upang makipag-usap sa isang taga-navigate para sa pamilya at makahanap ng kasagutan! Matutulungan ka nilang makahanap ng libre o murang dulugan sa iyong lugar, tulad ng:

- Suporta para sa magulang at kapatid
- Mga dulugan para sa pagtuntong sa hustong gulang ng mga adolescent
- Mga pagkakataong makihalubilo sa lipunan at makapaglibang
- Impormasyon tungkol sa pagpapahinga
- Mga pag-screen sa paglilinang
- Pangangalagang pangkalusugan
- ...at marami pang iba!

Humanap ng tulong online sa www.ParentHelp123.org (nasa wikang Ingles lang)

## *Inbox ng Suporta para sa CYSHCN*

Mag-email sa: CYSHCN@doh.wa.gov
upang makipag-ugnayan sa aming kawanihan

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov

Washington State Department of Health
DOH 970-108 February 2022 Tagalog

# *Programang Children & Youth with Special Health Care Needs (CYSHCN, Mga Bata at Kabataan na may mga Espesyal na Pangangailangan sa Pangangalagang Pangkalusugan) ng Estado ng Washington*



## *Ang Aming Bisyon*

Ang lahat ng CYSHCN at kanilang pamilya ay nakikibahagi, nakikilahok, at nagtatagumpay sa mga komunidad na may pinagsama-sama at naa-access na mga sistemang nakakasuporta, sa paraang pantay-pantay, sa kanilang kalusugan na pisikal at sa pag-iisip, paglilinang, at kapakanang panlipunan at emosyonal

**doh.wa.gov/CYSHCN**

# Mga Kaakibat sa Pamumuno, Pakikipag-ugnayan, at Pagsuporta sa Pamilya

Partnerships for Action, Voices for Empowerment (PAVE) (naka-Google Translate)
Maraming programang Partnerships for Action, Voices for Empowerment (PAVE, Mga Pakikipagtulungan para sa Pagkilos, mga Boses para sa Pagbibigay-kakayahan) ang tumutulong sa mga pamilya:


- Matutulungan ka ng Family to Family Health Information Center (naka-Google Translate) na makahanap ng mga mapagkukunan ng pondo para sa mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan
- Pinopondohan ng Lifespan Respite WA (naka-Google Translate) ang pagpapahinga (maiikling pahinga) ng mga tagapangalaga
- Sinusuportahan ng Parent Training and Information (PTI, Pagsasanay at Impormasyon para sa Magulang) (naka-Google Translate) ang mga mag-aaral na may mga kapansanan
- Sinusuportahan ng Specialized Training of Military Parents (STOMP, May Espesyalidad na Pagsasanay ng mga Magulang na Tagamilitar) (naka-Google Translate) ang mga pamilya ng tagamilitar


Parent to Parent (P2P) (nasa wikang Ingles lang)
Ang mga programang Parent to Parent (P2P, Magulang sa Magulang) sa bawat county ay nagbibigay ng:

- One-on-one na suporta mula sa peer (taong kapareho ang pinagdadaanan) at mga grupong nagbabahagi sa isa't isa
- Kasalukuyang impormasyon at pagsasanay
- Tulong sa programa ng pag-mentor sa peer ng magulang
- Mga programang Sibshop para sa mga kapatid ng CYSHCN
- Mga dulugan at referral

Washington State Fathers Network (WSFN)
Nag-aalok ang Washington State Fathers Network (WSFN, Network ng mga Ama ng Estado ng Washington) ng mga aktibidad at kaganapan para sa mga ama at lalaking tagapangalaga

Newsletter ng Washington State Leadership Initiative (WSLI) (naka-Google Translate)
Ang Newsletter ng Washington State Leadership Initiative (WSLI, Inisyatiba sa Pamumuno ng Estado ng Washington) ay nag-uugnay sa mga pamilya ng CYSHCN sa mga aktibidad, kaganapan, webinar, kumperensiya, pagsasanay, pagkakataong magboluntaryo at magtrabaho, at sa mga dulugan.
Mag-sign up para sa Newsletter ng WSLI (nasa wikang Ingles lang)





# Mga Kaakibat sa Pangangalagang Pangkalusugan



## *Network para sa Nutrisyon ng CYSHCN*

Sinusuportahan ng Network para sa Nutrisyon (nasa wikang Ingles lang) ang mga serbisyo ng nutrisyon para sa CYSHCN at sa kanilang mga pamilya. Makakahanap ka ng rehistradong espesyalista sa pagdidiyeta at nutrisyon (RDN) na may espesyal na pagsasanay o ng pangkat na nagpapakain sa komunidad (nasa wikang Ingles lang).

## *Dalubhasang Neurodevelopmental Centers (NDC)*

Nagbibigay ang Neurodevelopmental Centers (NDC, Mga Sentro para sa Paglilinang ng Neurolohiya) (nasa wikang Ingles lang) ng occupational therapy, speech therapy, physical therapy, at iba pang serbisyong pansuporta. Madalas na nakikipagtulungan ang mga NDC sa mga lokal na tagapangasiwa at iba pang provider ng pangangalaga.

## *Maxillofacial Review Boards*

Tinitiyak ng Maxillofacial Review Boards (MFRB, Mga Lupon ng Pagsusuri ng Panga at Mukha) (nasa wikang Ingles lang) na nakakapagplano at nakakapagsagawa ang mga provider ng paggamot na maayos na pinangangasiwaan para sa mga batang may bingot.

## *Proyekto ng mga Pakikipagtulungan sa mga Tahanang Medikal*

Pumunta sa medicalhome.org (nasa wikang Ingles lang) upang malaman kung paano maging epektibong kaakibat ng doktor ng iyong anak at ng iba pang miyembro ng pangkat na nangangalaga sa iyong anak.

# Iba Pang Dulugan para sa mga Pamilya

Pagbibigay-alam sa mga Pamilya – Nag-aalok ng mga impormasyon at dulugan na makakatulong sa mga taong may mga kapansanan sa paglilinang na magkaroon ng hustong pamumuhay.

Early Support for Infants & Toddlers (ESIT, Maagang Pagsuporta sa mga Sanggol at Toddler) (nasa wikang Ingles lang) – Nagbibigay ng mga serbisyo ng maagang interbensiyon para sa mga batang bagong silang hanggang 3 taong gulang na may pagkaantala o kapansanan sa paglilinang.

Developmental Disabilities Administration (DDA, Pangasiwaan ng mga Kapansanan sa Paglilinang) (nasa wikang Ingles lang) – Nag-aalok ng mga serbisyo at programa, kasama na ang personal na pangangalaga at pagpapahinga.

Office of Superintendent of Public Instruction (OSPI, Tanggapan ng Tagapamahala ng Pagtuturo sa Publiko) – Nagbabantay sa mga serbisyo ng distrito ng paaralan.

Office of the Education Ombuds (OEO, Tanggapan ng Opisyal sa Edukasyon) – Nagbibigay ng impormasyon tungkol sa at sa paglutas ng mga salungatan sa mga distrito ng paaralan.

The Arc (nasa wikang Ingles lang) – Nagsusulong sa mga karapatan ng lahat ng taong may mga kapansanan na intelektuwal at sa paglilinang. Nagbibigay ang mga lokal na sangay (nasa wikang Ingles lang) ng impormasyon sa mga pamilya.

Developmental Disabilities Council (DDC, Konseho ng mga Kapansanan sa Paglilinang) (nasa wikang Ingles lang) – Nagpaplano para sa at kasama ng mga taong may mga kapansanan sa paglilinang at ng kanilang mga pamilya.

DD Ombuds (nasa wikang Ingles lang) - Nangongolekta at nagsisiyasat ng mga reklamong inihahain ng mga taong gumagamit ng mga serbisyo para sa mga kapansanan sa paglilinang.



